JOSE MACEDA COLLECTION

# Ang Musika ng Mga Yakan Sa Pulo ng Basilan*

Arsenio M. Nicolas, Jr.

## PANIMULA

Ang mga Yakan ay isang pangkat ng mga taong naninirahan sa pulo ng Basilan, Mindanao at sa ilang mga pook-pamayanan (communities) sa Zamboanga del Sur, Maburol (hilly) ang pulong Basilan at dito matatagpuang nakakalat ang mga pook-pamayanan — sa Lamitan at Isabela sa hilaga, ang dalawang pinakamalaking bayan sa buong pulo; sa Maluso sa kanluran; sa Bojelebung at Tuburan sa silangan; sa Badja, Parangbasak, Panandakan, at mga karatig na pook sa gitna ng pulo na sakop ng bayang Lamitan at sa Tumahubong at Manggal sa timog. Matatagpuan ang mga matatandang Yakan sa gitna ng Basilan, sa mga bundok na di pa lubusang napapasukan ng mga taga-labas. Ang mga iba pang nabanggit nang mga lugar ay matatagpuan sa mga baybay-dagat na halo-halo ang mga naninirahan — mga Tagalog, Ilokano, Bisaya, Tausug, Samal at mga Yakan na nagsilikas (lumipat ng tirahan) buhat sa kabundukan. Sa Zamboanga del Sur naman, dalawang pook ang ngayo'y masasabing mga pook-pamayanan na rin, sa Taluksangay, Zamboanga del Sur at sa Calarian, Zamboanga City.

* Ang pananaliksik na ito'y magkasamang itinaguyod ng Pamantasan ng Pilipinas at Council for Living Traditions, Inc.

isang panahong inuukol sa pagtatanim, pag-aani at pagsasaya. Gayundin, sa kanilang pakikipag-ugnayan sa isang daigdig na labas sa daigdig ng sangkatauhan, na dito'y tinaguriang daigdig ng kababalaghan, makakikita ng isang anyo ng pakikipag-usap sa mga espiritung naninirahan sa daigdig na ito: ang paglugu' o pag-awit ng buong Magbahasa o Kokmusin. Mayroon ding mga matatanda at bagong awit na nananatiling nagbibigay-lakas at nagpapatatag ng isang kaugaliang sibol ng nakalipas, sinalin ng mga nakatatanda at pinagyaman naman ng ilan sa mga nakababata hanggang ngayon — ang pag-awit ng Kata-kata, Lunsey, Nahana at Lembu' kayu — sa mga pagdiriwang at pagsasayang kaugnay ng isang relihiyong Islam na naging bahagi at ugali ng buhay ng mga Yakan. Ang pagtugtog ng Tagunggu ay isang palatandaan ng isang payapa at matiwasay na pamumuhay, ng isang masaganang ani ng palay, at ng isang kalakarang nakapagsusulong ng mga gawi at kaugaliang hubog ng panahon hangga't di pa ito tuluyang sinisira at winawasak ng mga pangkasalukuyang tunggalian sa lipunan. Namumuo sa kanilang isipan ngayon ang isang isiping bumabalangkas ng isang pakikisalamuha, pakikibagay, pakiki-ayon, o pakikipagtunggali sa mga dumadagsang agos ng pagbabago. Kung ano't ano man, maaaring manatili o kaya'y tuluyang maglaho ang mga matatandang tunog na ito na siyang naging kaagapay ng mga Yakan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

SUMMARY

It was not possible to experience a culture in its traditional or normative state, and likewise, it is not possible to say that the short study presented here pictures the experience and reality of Yakan music culture. Nevertheless, it tried to present a relationship between music and society. Several aspects of an old and traditional Yakan society can still be discerned from the cycle of rice production: the use of daluppak (digging stick with bamboo clapper), kopak-kopak (bamboo clapper on a stick), kwintangan kayu (percussion beams), and tuntungan (percussion plank with jar resonators) in connection with each stage in rice production and festivities and thanksgiving. To communicate with the extra-human world, rituals like Magbahasa and Kokmusin are chanted. Old and long narrative songs remain vibrant and exclusive to practices which germinated in the past, handed down by the old generation and are now cherished by a few young people---the chanting of Kata-kata, and the singing of Lunsey and Nahana--- in celebrations after the performance of Islamic rites and rituals. The playing of the Tagunggu, the Yakan gong-ensemble, indicates a peaceful and tranquil life, a bountiful harvest, and a mode of existence that generates and sustains a tradition moulded by time and still not fully shattered by contraditions in contemporary society. A new apprehension has started to settle in their minds structuring a problem of adaptation, acculturation or opposition to the tides of change that continually flow into their natural and cultural environment.